



Buong Teksto

APAT NA ALAMAT NG ILOG PASIG

Isang umaga ng Disyembre sa Ilog Pasig. Nasa kubyerta tayo ng Bapor Tabo kung saan naroon ang mga nasa alta sociedad: ang mga prayleng tulad nina Padre Sibyla at Padre Salví, si Doña Victorina, ang matandang Español na kapitan ng bapor, ang peryodistang si Ben Zayb, at sa ilang sandali, ang misteryosong si Simoun.

Sa sandaling iyon lumitaw ang ulo ni Simoun sa eskotilya.

“Ay! Saan ba kayo nagtago?” sigaw ni Don Custodio na lubos nang nalimot ang sama ng loob. “Di tuloy ninyo nakita ang pinakamagandang parte

ng viaje!”

“Sss!” sagot ni Simoun pagkaakyat. “Napakarami ko nang nakitang ilog at tanawin. Wala nang interesante sa akin kundi iyong mga may alamat.”

“Kung sa alamat e mayroong ilan ang Pasig!” na di papayag na maliitin ang ilog niyang binibiyahé’t ikinabubuhay. “Mayroon tayong tungkol sa Malapad-na-bato, isang batong sagrado bago pa dumating ang mga Español dahil tahanan ng mga espiritu. Ngunit nang binalewala na ang mga supersticion at binastos ang bato, naging pugad ito ng mga tulisang mula sa tuktok nito’y madaling naagaw ang mga pobreng bangkang kailangang sabay labanan ang agos at mga kriminal. Ngayon, sa panahon natin, sa kabila ng pakikialam ng tao, marami pa ring kuwento ng mga bangkang lumulubog banda roon, at kung hindi ko gamitin ang anim kong sentido, tiyak na kakayod ako sa mga gilid nito. May isa pang alamat, ang tungkol sa kuweba ni Doña Jerónima na puwedeng ikuwento sa inyo ni Padre Florentino...”

“Naku, alam na ng lahat ‘yan!” pagbabale-wala ni Padre Florentino.

Pero hindi pa ito naririnig ni Simoun o ni Ben Zayb o ni Padre Irene o ni Padre Camorra at hiningi ng ilan ang kuwento bilang biro at ang ilan naman dahil talagang naiintriga. Ginaya ng klerigo ang tono ng panlolokong ginamit ng ilan sa paghiling, at nagkuwento na parang yayang nagkukuwento sa mga bata:

“Dati, may isang estudianteng nangakong pakakasal sa isang dalagang kabayan niya, na parang di naalalang tuparin ng lalaki. Ang babae naman, dahil tapat, ay naghintay nang naghintay, lumipas ang mga taon at ang kaniyang kabataan, tumaba siyang parang hamon, at isang araw nabalitaang naging arzobispo na ng Maynila ang dati niyang nobyo.

Nagbihis-lalaki siya, nilagpasan ang bantay, humarap sa Ilustrisima, at hiningi ritong tuparin ang pangako. Imposible ang hinihingi ng babae kaya iniutos ng arzobispo ang paggawa ng isang kuwebang baka nakita ninyong natatakpan at naaadornohan ng baging. Doon nabuhay, namatay, at inilibing ang babae at ayon sa sabi-sabi'y sumobra siyang taba na para makapasok doo'y kailangan pa niyang isiksik ang sarili. Nakilala siya bilang engkantada dahil sa kostumbre niyang magtapon sa ilog ng mga pilak na kubyertos na tulad ng ginagamit sa mararangyang bangketeng dinadaluhan ng maraming lalaki. Nilagyan ng lambat ang ilalim ng tubig para saluhin ang kubyertos at doon sila nahugasan. Hindi pa nagdadalawampung taon at humahalik pa noon ang ilog sa entrada ng kuweba, pero unti-unting umurong ang tubig, tulad ng pagkabura ni Doña Jeronima sa alaala ng mga indio.”

“Kay gandang alamat!” sabi ni Ben Zayb. “Ilalagay ko iyan sa isang artikulo! Napakasentimental!”

Nag-iisip na si Doña Victorinang tumira sa sariling kuweba at sasabihin na sana ito kundi siya inunahan ni Simoun:

“Pero, ano ang opinion ninyo, Padre Salví?” tanong niya sa pransiskanong tulala sa kung-anong meditasyon. “Hindi kaya mas mabuting imbes na sa kuweba’y inilagay na lang siya ng Ilustrisima sa isang beaterio, sa Santa Clara halimbawa?”

“Hindi ko puwedeng o dapat husgahan ang kilos ng mga arzobispo,” pilipit na sagot ng pransiskano.

“Pero kayong gobernador eclesiastico, kayong nasa puwesto ng ating arzobispo, ano ang gagawin ninyo kung mangyari sa inyo ang ganoon?”

Nagkibit-balikat si Padre Salví at kalmadong idinagdag:

“Bale-walang paghirapang isipin ang isang bagay na hindi mangyayari...Pero dahil nagkukuwentuhan tayo ng alamat, huwag ninyong kalimutan ang pinakamaganda dahil pinakatotoo, ang tungkol sa milagro ni San Nicolas, na may gumuhong simbahang baka napansin ninyo. Ikukuwento ko ito kay Simoun dahil baka hindi pa niya alam. Dati, ang ilog na ito, tulad ng lawa, ay pinamamahayan ng maraming buwaya--sobrang lalaki at sobrang tatakaw, inaatake ang mga bangka at pinalulubog ang mga ito sa isang hampas ng kanilang buntot. Sinasabi ng ating mga crónica na isang araw, isang tsinong di-binyagan at walang-balak magpalit ng relihiyon and dumadaan sa harap ng iglesia, nang biglang humarap sa kaniya ang demonio sa forma ng isang buwayang pinataob ang bangka upang kainin siya at dalhin sa infierno. Inspirado ng Dios, nagdasal ang chino sa sandaling iyon kay San Nicolas at biglang naging bato ang buwaya. Sinasabi ng matatanda na noong panahon nila’y halatang-halata pa ang halimaw sa mga piraso ng batong naiwan doon. At maseseguro ko sa inyong malinaw pa ring matutukoy ang ulo, at mula roo’y mahihinuhang napakalaki talaga ng halimaw na iyon.”

Sa sandaling iyon pumasok ang bapor sa barra at tumambad sa kanila ang tanawing tunay na kagila-gilalas. Namangha ang lahat. Nakalatag sa harap nila ang isang kaygandang lawang napapaligiran ng mga luntiang dalampasigan at bughaw na bundok, tila dambuhalang salaming nakukuwadruhan ng esmeralda't sapiro't sinasalamin sa kaniyang kurba ang langit. Nasa kanan ang mabababang dalampasigang lumilikha ng mga kaakit-akit na daungan, sa kalayuan, maaninag ang kalawit ng Sungai, at sa pinakalikod bumabangon ang Makiling--maharlika, di-matatawaran, nakokoronahan ng manipis na ulap. Sa kaliwa, ang Isla ng Talim, ang kurba ng mga burol na tinatawag na Susong Dalaga.

Kiniliti ng sariwang hangin ang malawak na rabaw ng tubig.

“Siya nga pala, Capitan,” sabi ni Ben Zayb na lumington sa kausap. “Alam ba ninyo kung saan namatay ang isang Guevara, Navara, o Ibarra?”

Napatingin lahat sa Capitan maliban kay Simoun na tumanaw sa malayo, tila may hinahanap sa dalampasigan.

“Ay oo!” sabi ni Doña Victorina. “Saan nga, Capitan? Nag-iwan ba siya ng bakas sa tubig?”

Pumikit-pikit ang Capitan na para bang naiilang sa tanong, ngunit nang makitang naghihintay ang lahat, humakbang siya patungo sa harapan ng bapor.

“Tumingin po kayo roon,” bulong niya pagkatapos tiyaking walang ibang nakikinig. “Ayon sa guardiang namuno sa pagtugis, si Ibarra, nang makitang napapaligiran siya, ay tumalon mula sa kaniyang bangka sa may Kinabutásan, at sumisid nang halos 2 milya, kahit binabati ng mga bala sa tuwing iaahon niya ang ulo para huminga. Doon pa, hindi na nila nakita ang kaniyang bakas, at mas malayo pa nang kaunti, nakadiskubre sila ng bakas na kulay-dugo sa may dalampasigan...At eksaktong labintatlong taon na ang nakararaan, araw sa araw, mula nang mangyari ito.”

Pinagkubanan: Ikatlong Kabanata ng El Flibusterismo pinamagatang Leyendas o Mga Alamat. Mula sa Ikalawang Bersyon na nasa Project Gutenberg - ang bersyong Espanyol na inilimbag noong 1891 at ang Reign of Greed na isinalin ni Charles Derbyshire noong 1912 - beto ang pinaikling salin sa Filipino ni Paolo Ven B. Paculan

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa
Apat na Alamat ng Ilog Pasig

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Tahanan Books:

*Ang Babaeng Nabulog Mula sa Langit at Iba Pang
Kuwentong-bayan*

Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
*The Termite Queen and other Classic Philippine Earth
Tales*

Volcano of Love and Death

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo, PhD Ricardo Abad, PhD	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
Kevin Duane B. Ligot	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Arielle Acosta Vannessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Ross Du	<i>Illustrator</i>
Arielle Acosta Lazir Caluya	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Jaime Jose G Nicdao, PhD

*Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education
Director for Administration of the Grade School
Officer-In-Charge, Headmaster*

Jervy M. Robles

Assistant Headmaster for Academic Affairs

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador

Principal

Genalyn S. Sanvictores

Assistant Principal for Academic Affairs

Paolo Ven B. Paculan

Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino

John Dave C. Andrada

*Assistant Teacher, Filipino
(voice actor for the episode)*

Kristine Ann P. Valdellon

Master Teacher, Subject Area Coordinator, English

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta

Principal

Luis Allan B. Melosantos

Assistant Principal for Academic Affairs